


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 34:
Halimbawa ng Pagpapakita ng
Pasasalamat o Kawalan Nito



Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 34: Halimbawa ng Pagpapakita ng Pasasalamat o Kawalan Nito
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jeasel H. Pedros, Risa Mae B. Lospe, Rashiel Joy F. Lipaopao
Editor:	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Elizabeth Ysulan, Corazon F. Adrales, Eva P. Noynay, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Megie M. Lillo, Jhon Rey C. Clarion
Tagaguhit:	Alim V. Eviota, Jubell C. Cababat, Gilbert H. Japay, Adonis P. Umipig, Jay S. Mateo, Merlinda W. Malimit
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Eljun A. Calimpusan
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa:

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – 34:
Halimbawa ng Pagpapakita ng
Pasasalamat o Kawalan Nito**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang pasasalamat ay nangangahulugan ng pagkilala, pagkakaroon o pagpapakita ng magiliw na saloobin sa mga taong nagbigay ng kabutihang loob lalong-lalo na sa mga oras ng matinding pangangailangan.

Sa pagpapasalamat rin naipapakita ng tao ang kanyang likas na pagtanaw ng utang na loob sa taong tumulong na masolusyunan ang suliraning kinaharap o hindi naman kaya’y pagiging instrumento nito sa isang tagumpay. May iba’t ibang paraan ang tao sa pagpapakita ng pasasalamat. Maari itong sa pamamagitan nang pagsasabi ng “Thank you,” pagbibigay ng regalo o maging sa pagbabalik ng tulong sa ibang taong nangangailangan. Ngunit hindi rin lingid sa ating kaalaman na may mga taong hindi marunong kumilala sa mga kabutihang ginagawa ng kapwa na humahantong sa kawalan ng pasasalamat.

Paano ba malalaman na ang isang sitwasyon ay nagpapakita ng pasasalamat o kaya naman ay kawalan ng pasasalamat?

Inaasahang sa modyul na ito ay malinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Nasusuri ang mga halimbawa o sitwasyon na nagpapakita ng pasasalamat o kawalan nito. (EsP8PB-IIIa-9.2)



Subukin

Maraming Pagpipilian:

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Paano masasabing nagpasasalamat ang taong nakatanggap ng tulong sa kanyang kapwa?
 - A. pagpapakita ng inggit
 - B. pagpapalagay sa sarili bilang biktima
 - C. pagpapakita ng *Entitlement Mentality*
 - D. pagsabi na nariyan ka palagi na handang makinig kung sakaling sila ay may pinagdadaanan
2. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng kawalan ng pasasalamat ng isang tao?
 - A. pagtulong sa mga gawaing bahay
 - B. pagpapakita ng pagpapahalaga sa kapwa
 - C. pagpapasalamat ng hindi bukal sa puso
 - D. paggawa ng kabutihan sa ibang tao bilang pagbabalik ng kabutihang ginawa sa iyo
3. Abala ang mga magulang ni Jessy sa kanilang trabaho. Palagi silang pagod kapag umuwi ng bahay. Siya na ang gumagawa ng mga gawaing bahay para mabawasan ang mga isipin ng mga ito at maaga itong makapagpahinga dahil alam niyang hindi madali ang maghanapbuhay. Paano naiparamdam ni Jessy ang pasasalamat nito sa kanyang mga magulang?
 - A. pagtulog ng maaga
 - B. pag-iwas sa mga gawaing bahay
 - C. pagtulong sa mga gawaing bahay
 - D. pagbababad nito sa panonood ng ibat ibang pelikula
4. Anong ugali mayroon si Jessy?
 - A. maaalalahanin
 - B. masigasig
 - C. masinop
 - D. matapang

5. Matalik na magkaibigan sina Berto at Berta. Isang araw, habang naglalakad ng mag-isa si Berta hindi sinasadyang masagi nito ang inaalagaang pananim ng kanilang guro. Pinagalitan nito si Berta. Nagtampo si Berta dahil hindi siya natulungan ng kanyang matalik na kaibigan na magpaliwanag sa kanilang guro dahil may iba rin itong lakad. Sa isip niya, maraming pagkakataon na natulungan niya ang kanyang kaibigan. Subalit sa panahong siya na ang nangangailangan wala ito sa kanyang tabi. Kakikitaan ba ng pagpapasalamat sa kanyang kapwa si Berta?
 - A. Hindi, dahil matalik silang magkaibigan.
 - B. Oo, dahil alam niyang may trabaho pa ito.
 - C. Oo dahil nauunawaan niyang importante rin ang lakad ni Berto kaya hindi siya natulungan.
 - D. Hindi, dahil sa kagustuhan nitong dapat ay tulungan rin siya ng kanyang kaibigan at nararapat lamang na nasa tabi niya ito palagi.

6. Anong katangian ang nagpapakita ng kawalan ng pagpapasalamat ni Berta sa kanyang kaibigan?
 - A. maunawain
 - B. mabait sa kanyang kaibigan
 - C. pagpapakita ng inggit sa kapwa
 - D. hindi paglimot sa kanyang nagawang tulong

7. Anong klase ng ugali ang ipinapakita ni Berta?
 - A. maaalalahanin
 - B. maawain
 - C. mapagbigay
 - D. makasarili

8. Mabait at mapag-arugang ina si Pastel sa kanyang mga anak. Lumaki ang mga ito na mapagkalinga sa mga taong nakapaligid sa kanila. Isang araw, napagbintangan itong nagnakaw sa kanyang pinagtatrabahuan kahit hindi naman ito totoo. Isinaloob na lamang ito ng ginang dahil ayaw niyang makagambala sa kanyang mga anak. Lingid sa kanyang kaalaman, nalaman ng mga anak ang mga bagay na bumabagabag sa kalooban ng kanilang ina. Habang umiiyak ito sa kanilang silid pinuntahan siya ng kanyang mga anak. Inaliw siya at dinamayan ng mga ito at sinabing naniniwala silang hindi nito magagawa ang mga ibinibintang na kasalanan dito. Anong paraan ang ginawa ng mga anak upang mapasalamatan ang kanilang ina?
 - A. Binigyan ng papuri ng mga anak ang kanilang ina.
 - B. Inaway ng mga ito ang kanilang ina sa ginawang kasalanan nito.
 - C. Pagpapabaya ng mga ito sa problemang kinakaharap ng kanilang ina.
 - D. Pagsabi na nariyan ka palagi na handang makinig kung sakaling sila ay may pinagdadaanan.

9. Angkop ba ang kilos na ipinakita ng mga anak sa kanilang ina kung pagbabatayan ang pananaw o perspektibo ng katarungan?
- Hindi, dahil panlalamang ito sa kapwa.
 - Hindi, dahil masama ang pinaggagawa nito.
 - Oo, dahil wala naman itong ginawang kasalanan at napagbintangan lamang ito.
 - Oo dahil ito ang nagpalaki sa kanila dapat ay kinukunsinte na lamang nila ang mga ginagawa nito.
10. Simula't sapul ay walang nakalalamang sa angking kakayahan ni Jessa. Nabago lamang ito nang dumating ang kanilang bagong kaklase na si Sara. Mabait, matalino at palakibigan ito, kabaliktaran sa mga kaugaliang ipinapakita ni Jessa kaya madali nitong nakapalagayang loob ang buong klase. Malaki ang inggit dito ni Jessa. Nasanay kasi itong nasa kanya palagi ang atensyon ng kanyang mga kaklase. Sa kagustuhang malamangan niya ito nakipagkaibigan siya rito. Tinuring ni Sara si Jessa na isang matalik na kaibigan. Anuman ang pangangailangan nito ay tinutugunan niya sa abot ng kanyang makakaya. Hindi alam ni Sara na nagbabalat- kayo lamang ito. Sinisiraan na pala siya nito sa kanilang mga kaklase. Napag-alaman lamang niya ito nang minsang pagsabihan siya ng mga kaklase. Kalaunan, binalewala niya na lamang ito dahil ayaw niyang magkaroon ng hidwaan sa pagitan nilang dalawa. Naipakita ba ni Jessa ang pasasalamat sa lahat ng nagawa ni Sara para sa kanya?
- Oo, dahil kinaibigan niya ito.
 - Hindi, dahil wala siyang pakialam dito.
 - Hindi, dahil nanaig ang inggit sa kanyang kalooban.
 - Oo, dahil may utang na loob siya rito at dapat na tulungan niya rin ito.
11. Anong katangian ni Jessa ang nagpapakita ng kawalan ng pasasalamat kay Sara?
- mabait
 - matapang
 - mayabang
 - makasarili
12. Batay sa sitwasyon, tama ba ang ipinakitang pakikitungo ni Jessa sa kanyang kaibigan?
- Hindi, dahil isang mabait na bata si Jessa.
 - Oo, dahil isang hamak na transferee lamang si Sara.
 - Oo, dahil nararapat lang na walang makalamang sa kanya.
 - Hindi, dahil mabuti ang intensyon ng pakikipagkaibigan ni Sara kay Jessa.

13. Lumaki sa mahirap na pamilya si Diego. Sa murang edad, nangarap siya na sa kanyang paglaki ay tutulungan niya ang kanyang pamilya upang maiahon ito sa hirap ng buhay na pinagdaraanang nila. Isang pangyayari ang nagtulak kay Diego na makipagsapalaran at maghanap ng trabaho sa Maynila nang minsang magkasakit ang kanyang ama. Pinalad siyang makapasok bilang isang construction worker. Dahil sa matibay na paniniwala nito sa Poong Maykapal, hindi siya sumuko sa mga pagsubok na kanyang nararanasan. Nagsikap ito sa kanyang trabaho hanggang sa kalaunan ay umangat ang posisyon nito. Kinuha itong kanang kamay ng kanilang boss. Napagamot niya ang kanyang ama at umasenso ang kanilang buhay. Upang makapagpasalamat sa Panginoon sa lahat ng biyayang natanggap niya tinulungan din niya ang mga taong kanyang nakasalamuha na nangangailangan ng tulong. Paano naipakikita ni Diego ang kanyang pasasalamat sa Panginoon?
- A. paglilingkod sa kapwa
 - B. naaawa sa kanyang ama
 - C. pagiging tapat sa kanyang trabaho
 - D. natutong tumulong sa kanyang sarili
14. Anong katangian ang ipinakita ni Diego para pagpalain siya ng Panginoon sa kabila ng napakaraming pagsubok na kanyang nararanasan?
- A. matalino
 - B. matatag
 - C. matulungin
 - D. masipag
15. Angkop ba ang paraan ng pagpapasalamat ni Diego sa Panginoon?
- A. Oo, dahil naibahagi niya ang kanyang mga natanggap na biyaya sa pamamagitan ng pagtulong sa kapwa.
 - B. Oo, dahil matalino siyang tao.
 - C. Hindi, dahil hindi niya natulungan ang mga kasamahan niya sa trabaho.
 - D. Hindi, dahil naimpluwensyahan lamang siya ng kanyang mga kasamahan sa trabaho.

Aralin

1

Halimbawa ng Pagpapasalamat at Kawalan Nito


Ngayon, may inihanda akong gawain na mag-uugnay sa iyo sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto. Alam kong kayang-kaya mo ito! Ngayon pa lang ay binabati na kita!



Balikan

Gawain 1: Pagkilala ng Pasasalamat

Panuto: Gamit ang *graphic organizer*, isulat sa sagutang papel ang iba't ibang pamamaraan sa pasasalamat mula sa mga biyayang natatanggap mo araw – araw.



Batayan sa Pagmamarka

Pamantayan	Puntos		
	5	4	3
Nilalaman	Lubos na naipapakita ang iba't ibang pamamaraan sa pasasalamat	Hindi gaanong naipapakita ang paraan ng pasasalamat	Simple at hindi naipapakita ang paraan ng pasasalamat
Paggamit ng salita	Angkop ang pagkabaybay ng salita at wasto ang pagkakagamit sa pangungusap.	Hindi gaanong angkop ang pagkabaybay ng salita at wasto ang pagkakagamit sa pangungusap	Hindi angkop ang pagkabaybay ng salita at wasto ang pagkakagamit sa pangungusap
Kalinisan at Kaayusan	Organisado at malinis ang pagkakasulat	Hindi gaanong organisado at malinis ang pagkakasulat	Hindi organisado at malinis ang pagkakasulat
Kabuoan = 10 puntos			



Mga Tala para sa Guro

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa **Balikan** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



Tuklasin

Gawain 2: Sulit-Pasasalamat!

Ang pasasalamat ay ang pagpapakita ng pagpapahalaga sa mga biyayang natanggap (materyal man o hindi materyal na bagay) at sa mga taong nasa likod nito.


Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag sa talahanayan. Ipahiwatig kung gaano kadalas ka nakararanas at sumasang-ayon sa bawat pahayag. Isulat sa sagutang papel kung 4 (Madalas), 3 Hindi Gaanong Madalas), 2 (Paminsan-minsan) at 1 (Hindi Kailanman). Pagnilayan ang mga gabay na tanong.

Mga Pahayag	4 Madalas	3 Hindi gaanong madalas	2 Paminsan - minsan	1 Hindi Kailanman
1. Nagpasasalamat ako sa angking pangangatawan at pisikal na kalusugan.				
2. Binibilang ko ang aking mga biyaya sa kung ano ang mayroon ako sa mundong ito.				
3. Nagninilay-nilay ako sa mga panahong madilim sa aking buhay upang mapagtanto ko ang biyaya na ipinagkaloob sa akin				
4. Iniisip ko ang mga taong hindi gaanong pinalad kaysa sa akin upang matanggap ko ang kasalukuyang kalagayan.				

5. Ipinapaalala ko sa aking sarili kung gaano ako kapalad na magkaroon ng mga pribilehiyo at pagkakataong umunlad.				
6. Binigbigyan ko ng halaga ang lahat ng magagandang bagay na nangyari sa aking buhay				
7. Iniisip ko kung gaano ako kapalad na magkaroon ng mga pangunahing bagay sa buhay tulad ng pagkain, damit at tirahan.				
8. Ipinagpasalamat ko ang mga panahon na nakaligtas ako sa anumang kapahamakan.				
9. Kontento ako sa kung anong mayroon ako.				
10. Kapag nakasaksi ako ng isang aksidente ipinapaalala ko sa sarili na magpasalamat na ako ay ligtas.				

Gabay na tanong:

1. Naging madali ba ang pagsagot sa mga pahayag na nakapaloob sa talahanayan? Bakit?
2. Alin sa mga pahayag sa talahanayan ang mas madalas mong ginagawa na nagpapakita ng pasasalamat?
3. Alin naman sa pahayag sa talahanayan ang hindi mo nagagawa o hindi mo gaanong nagagawa na nagpapakita ng kawalan ng pasasalamat?
4. Bakit mahalaga ang maging mapagpasalamat sa mga biyayang natatanggap?
5. Mapagpasalamat ka ba o hindi? Sa bilang na 1 hanggang 8, kung saan 8 ang pinakamataas, anong marka kaya ang ibibigay mo sa iyong sarili sa pagiging mapagpasalamat. Bakit?



Suriin


Nasuri mo ba nang mabuti ang mga halimbawa sa bahaging *Tuklasin* na nagpapakita ng pasasalamat? Nauunawaan mo ba na ang hindi paggawa nito ay nagpapakita ng kawalan ng pasasalamat? Kung oo ang iyong sagot ay binabati kita dahil ang lahat ng pahayag na iyon ay halimbawa nang pagpapakita ng pasasalamat at ang hindi naman paggawa ay nagpapakita ng kawalan ng pasasalamat.

Ang pagsasabi ng “salamat” o pagpapakita ng pasasalamat ay malaki ang maitutulong sa pagpapabuti ng relasyon sa kapwa. Ang bawat araw ng ating buhay ay pagkakataon para magpasalamat bagama’t hindi lahat ay madaling makapagpahayag ng kanilang tunay na nararamdaman sa paraang pasalita, kung kaya minsan ay nahuhusgahan ang kanilang pagkatao. Samakatwid, ang bawat isa ay may kanya-kanyang paraan sa pagpapahayag ng pasasalamat. Bilang tagapagpasalamat o tagatanggap ng pasasalamat, kinakailangang may malalim tayong pag-unawa sa pagkilala ng pagpapakita ng pasasalamat o kawalan nito.

Tunghayan at suriing mabuti ang sumusunod na halimbawa o sitwasyon na nagpapakita ng pasasalamat o kawalan nito.

Paraan ng Pagpapasalamat	Kawalan Nito
1. Pagbahagi ng isang tiyak na halimbawa ng isang bagay na kanilang nagawa para sa iyo na lubos na nakapagpababago sa iyong buhay.	1. Pagpapakita ng “Entitlement Mentality” o ang paniniwala na anumang inaasam ng isang tao ay karapatan niya na dapat bigyan ng dagliang pansin.
2. Paggawa ng simpleng bagay para sa kanila na nagpapakita ng iyong pag-aalala. Halimbawa: Paglilinis pagkatapos ng <i>Thanksgiving Dinner</i> .	2. Hindi nasisiyahan sa kung ano mang mayroon sila. Kailan man ay hindi nakaramdam ng kasapatan sa anumang bagay na kanilang nakamit.
3. Paghikayat sa kanila na subukan ang isang bagay na alam mong nais nilang subukan pero hindi nila nagawa dahil natatakot sila.	3. Hindi naglalaan ng oras o minuto man lamang upang maging masaya sa lahat ng nakamit sa buhay, malaki o maliit man na bagay.
4. Pagpuri sa gawa, ugali, kakayahan o talentong mayroon sila na lubos mong hinahangaan.	4. Pagpapakita ng inggit. Pagtingin nila sa nakamit ng iba ngunit lumalampas na ito sa paghahanap ng inspirasyon. Inihahambing nila ang sarili sa tagumpay ng iba na kumonsumo sa kanila upang hindi masiyahan sa mayroon sila.
5. Pagbibigay ng simpleng yakap o tapik sa balikat kung kinakailangan.	
6. Hindi pagkagalit kahit magkaiba kayo ng pinaniniwalaan bagkus pagpapasalamat dahil ipinakilala sa	

<p>iyo ang bagong paraan sa pagtingin sa isang bagay.</p> <ol style="list-style-type: none"> 7. Paghahandog ng iyong tagumpay sa mga taong dating humahamon sa iyo at pagpakikilala sa kanila sa tao o sitwasyon na maaaring makatutulong para lumago sila tulad ng nagawa nila sa iyo. 8. Pagsulat ng isang <i>Thank You Note</i> na nagpahahayag sa iyong pagkilala at pagpapahalaga sa kanya at sa kaniyang gawain. 9. Pagiging mabuti sa sarili anumang kondisyon mayroon kahit batid mong hindi ka nagtagumpay sa iyong ginawa. 10. Paggawa ng kabutihang loob sa kapwa nang hindi naghihintay ng kapalit. 	<ol style="list-style-type: none"> 5. Palagiang paghingi ng tulong sa iba na hindi man lang nagpasalamat sapagkat minsan na silang nakagawa ng magandang bagay sa iyo at umaasang maraming kapalit. 6. Hindi paglimot at pagtulong sa mga taong hindi ka nabigyan ng tulong sa oras ng pangangailangan anuman ang kanilang dahilan. 7. Walang pagmamalasakit sa iba at nangingibabaw ang pagkamakasari. Pag-iisip na natural lamang na ang iba ay dapat gumawa ng mga bagay para sa kanila kung kaya wala silang malasakit sa pagdurusa o pangangailangan ng iba. 8. Pagpapalagay sa sarili bilang biktima at hindi pagtanggap ng anumang simpatya o payo mula sa iba. 9. Hindi masaya at pagiging negatibo tungkol sa mga bagay-bagay sa buhay at karaniwang naninira at nanghihila ng iba pababa. 10. Walang pagnanais na magbago o umunlad ang sarili.
---	---




Pagyamanin

Gawain 3: Suri Pahayag

Panuto: Suriin ang mga pahayag na nasa kahon. Gamit ang graphic organizer sa iyong sagutang papel, isulat ang mga katangian na magpatutunay ng pagpapasalamat o kawalan ng pasasalamat ng tao.

- Pagbabahagi ng iyong tagumpay sa mga taong dating humahamon sa iyo at pagpapakilala sa kanila sa tao o sitwasyon na maaaring makatutulong para lumago sila tulad ng nagawa nila sa iyo.
- Pagkilala sa mga bagay na maayos nilang nagawa habang naglilingkod sa iyo tulad ng maayos na trabaho o pagiging kalmado nila sa ilalim ng presyur.
- Pagiging mahinahon at may magaan na pakikitungo sa anumang panahon.
- Palaging naniniwala na hindi sila magtatagumpay sa anumang bagay na kanilang gagawin o layunin.
- Palaging nagrereklamo tungkol sa kanilang trabaho at iba pang bagay sa kanilang buhay.
- Walang pagmamalasakit sa iba at nangingibabaw ang pagkamakasari. Pag-iisip na natural lamang na ang iba ay dapat gumawa ng mga bagay para sa kanila kung kaya wala silang malasakit sa pagdurusa o pangangailangan ng iba.



Rubrik sa Pagmamarka

Pamantayan	Puntos		
	5	4	3
Kaangkupan ng Nilalaman	Nasuri ang mga pahayag, nailahad ang mga katangian at napatunayan nang maigi ang mga ito.	Nasuri ang mga pahayag, nailahad ang mga katangian ngunit hindi gaanong napatunayan ang mga ito.	Nasuri ang mga pahayag, nailahad ang mga katangian ngunit hindi napatunayan ang mga ito.
Kaayusan ng Presentasyon	Organisado at malinis ang presentasyon	Hindi gaanong organisado at malinis ang presentasyon	Hindi organisado at malinis ang presentasyon
Kabuonan = 10 puntos			

Gawain 3: Patunayan mo!

Panuto: Basahin ang sumusunod na mga pahayag. Suriin kung kakikitaan ba ito ng pagpapasalamat at kawalan nito. Magbigay ng mga patunay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Nakaugalian na ni Cayle na bumili ng bagong sapatos bilang gantimpala sa kanyang sarili dahil napagtagumpayan nitong matapos ang napakahirap na *training* sa basketbol. Mas pinag-iigihan pa nito ang kanyang pag-eensayo para mas mapauunlad ang kanyang kakayahan.

Patunay:

2. Parehong nagtatrabaho sa opisina ang dalawang magkaibigan. Hindi sapat ang sinasahod ng mga ito para matustusan ang mga pangangailangan ng kanilang pamilya. Kaya napagpasyahan ng mga ito na sabay silang mag-aaplay ng trabaho sa ibang bansa sa pamamagitan ng *online*. Pinalad lamang na makuha si Aira samantalang si Jenny naman ay na-*promote* sa pinagtatrabahuan nito. Imbes na matuwa si Jenny, labis ang nararamdamang lungkot nito dahil iniisip niya na mas matagumpay ang kanyang kaibigan kaysa sa kanya. Kailanman hindi ito nasiyahan sa kung ano ang mayroon siya.

Patunay:

3. Magkapatid sina Jean at John. Pagdating sa mga gawaing bahay, binibigyan lamang ni John ng magagaan na mga gawain si Jean dahil hindi pa nito kaya ang ibang gawain dahil maliit pa lamang ito. Sa kabila nito, nagrereklamo pa rin si Jean. Pinagsabihan niya ang kanyang kuya na dapat daw ay hindi siya bigyan ng trabaho dahil siya ang bunso. Hindi nito ikinatuwa ang pagtulong sa kanyang kuya bagkus nagdadabog siya habang ginagawa ang kanyang gawain.

Patunay:

Rubrik sa Pagmamarka

Pamantayan	Puntos		
	5	4	3
Kaangkupan ng Nilalaman	Nailahad nang maigi ang mga pangunahing konsepto ng bawat sitwasyon	Hindi gaanong nailahad ang mga pangunahing konsepto ng bawat sitwasyon	Hindi nailahad ang mga pangunahing konsepto ng bawat sitwasyon
Pagkakasunod – sunod ng mga kaisipang inilahad	Malinaw ang pagkakasunod – sunod ng punto at paliwanag na madaling maunawaan	Hindi gaanong malinaw ang pagkakasunod – sunod ng punto at paliwanag na madaling maunawaan	Hindi malinaw ang pagkakasunod – sunod ng punto at paliwanag na madaling maunawaan
Kabuonan = 10 puntos			

Gawain 4: Suri - Teksto

Panuto: Basahin at unawain ang teksto at sagutan ang sumusunod na mga katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

A.

Matalik na magkaibigan sina Berto at Berta. Isang araw, habang naglalakad ng mag-isa si Berta hindi sinasadyang masagi nito ang inaalagaang pananim ng kanilang guro. Pinagalitan nito si Berta. Nagtampo si Berta dahil hindi siya natulungan ng kanyang matalik na kaibigan na magpaliwanag sa kanilang guro dahil may iba rin itong lakad. Sa isip niya, maraming pagkakataon na natulungan niya ang kanyang kaibigan. Subalit sa panahong siya na ang nangangailangan wala ito sa kanyang tabi.

1. Batay sa teksto, paano naipakikita ang kawalan ng pasasalamat? Patunayan.

B.

Mabait at mapag-arulang ina si Pastel sa kanyang mga anak. Lumaki ang mga itong mapagkalinga sa mga taong nakapaligid sa kanila. Isang araw, napagbintangan itong nagnakaw sa kanyang pinagtatrabahuan kahit hindi naman ito totoo. Isinaloob na lamang ito ng ginang dahil ayaw niyang mag - alala ang kanyang mga anak. Lingid sa kanyang kaalaman, nalaman ng mga anak ang mga bagay na bumabagabag sa kalooban ng ina. Habang umiiyak ito sa kanilang silid pinuntahan siya ng kanyang mga anak na inalo at dinamayan ng mga ito at sinabing naniniwala silang hindi nito magagawa ang mga ibinibintang na kasalanan dito.

1. Paano naipakita ng mga anak ang pagpapasalamat nila sa kanilang ina?
2. Nararapat ba ang paraan ng pagpapakita ng pasasalamat nila sa kanilang ina?

Rubrik sa Pagmamarka

Pamantayan	Puntos		
	5	4	3
Kaangkupan ng Nilalaman	Nailahad nang maigi ang mga pangunahing konsepto ng bawat sitwasyon	Hindi gaanong nailahad ang mga pangunahing konsepto ng bawat sitwasyon	Hindi nailahad ang mga pangunahing konsepto ng bawat sitwasyon
Organisasyon ng mga konsepto	Organisado, malinaw, simple at may tamang pagkakasunod – sunod ang presentasyon ng ideya sa talata. Malinaw ang daloy at organisado ang paglalahad ng kaisipan	Hindi gaanong organisado, malinaw, simple at may tamang pagkakasunod – sunod ang presentasyon ng ideya sa talata. Malinaw ang daloy at organisado ang paglalahad ng kaisipan	Hindi organisado, malinaw, simple at may tamang pagkakasunod – sunod ang presentasyon ng ideya sa talata. Malinaw ang daloy at organisado ang paglalahad ng kaisipan
Kabuoan = 10 puntos			



Isaisip

Gawain 5: Ibuod mo!

Panuto: Gamitin ang mga sumusunod na *code* upang malaman ang kasabihang magbubuod ng aralin. Isulat ang katumbas na letra ng bilang sa puwang na nasa ibabaw nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


A	B	C	D	E	F	G	H	I	J	K	L	M
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13
N	Ñ	ÑG	O	P	Q	R	S	T	U	V	W	X
14	15	16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26
Y	Z											
27	28											

Magsimula rito:

13 1 7 9 7 9 14 7 21 1 18 1 22 1 14 7

1 14 23 13 1 14 7 2 1 7 1 27 11 23 14 7

13 1 20 23 14 17 14 7 13 1 7 18 1 21 1 12 1 13 1 22



Isagawa

Gawain 6: Pagtatala at Pagkilala ng Nagawa

Panuto:

1. Itala ang ginagawa mo sa araw na ito.
2. Batay sa iba't-ibang sitwasyon na iyong naitala, tukuyin kung ito ba ay kakikitaan ng pasasalamat o kawalan nito.
3. Magbigay ng mga patunay.

Sitwasyon	Nagpasasalamat	Kawalan ng Pasasalamat	Patunay

Rubrik sa Pagmamarka

Pamantayan	Puntos		
	5	4	3
Kaangkupan ng Nilalaman	Nailahad ang mga sitwasyon, natukoy at napatunayan nang maigi ang mga ito.	Nailahad ang mga sitwasyon, natukoy ngunit hindi gaanong napatunayan ang mga ito.	Nailahad ang mga sitwasyon, natukoy ngunit hindi napatunayan ang mga ito.
Organisasyon ng mga ideya	Lohikal at wasto ang pagkakasunod – sunod ng mga ideya at gumamit ng transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng mga ideya	Hindi gaanong nasunod ang lohikal at wastong pagkakasunod – sunod ng mga ideya at gumamit ng transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng mga ideya	Hindi lohikal at wasto ang pagkakasunod – sunod ng mga ideya at gumamit ng transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng mga ideya
Kabuoan = 10 puntos			



Tayahin

Maraming Pagpipilian:


Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Matalik na magkaibigan sina Berto at Berta. Isang araw, habang naglalakad nang mag-isa si Berta hindi sinasadyang masagi nito ang inaalagaang pananim ng kanilang guro. Pinagalitan nito si Berta. Nagtampo si Berta dahil hindi siya natulungan ng kanyang matalik na kaibigan na magpaliwanag sa kanilang guro dahil may iba rin itong lakad. Sa isip niya, maraming pagkakataon na natulungan niya ang kanyang kaibigan. Subalit sa panahong siya na ang nangangailangan wala ito sa kanyang tabi. Kakikitaan ba ng pagpapasalamat sa kanyang kapwa si Berta?
 - A. Hindi, dahil matalik silang magkaibigan.
 - B. Oo, dahil alam niyang may trabaho pa ito.
 - C. Oo dahil nauunawaan niyang importante rin ang lakad ni Berto kaya hindi siya natulungan.
 - D. Hindi, dahil sa kagustuhang niyang dapat na tulungan rin siya ng kanyang kaibigan nararapat lamang na nasa tabi niya ito palagi.
2. Anong katangian ang nagpapakita ng kawalan ng pagpapasalamat ni Berta sa kanyang kaibigan?
 - A. maunawain
 - B. mabait sa kanyang kaibigan
 - C. pagpapakita ng inggit sa kapwa
 - D. hindi paglimot sa kanyang nagawang tulong
3. Anong klase ng ugali ang ipinapakita ni Berta?
 - A. maaalalahanin
 - B. maawain
 - C. mapagbigay
 - D. sakim

4. Mabait at mapag-arugang ina si Pastel sa kanyang mga anak. Lumaki ang mga itong mapagkalinga sa mga taong nakapaligid sa kanila. Isang araw, napagbintangan itong nagnakaw sa kanyang pinagtatrabahuan kahit hindi naman ito totoo. Isinaloob na lamang ito ng ginang dahil ayaw niyang makagambala sa kanyang mga anak. Lingid sa kanyang kaalaman, nalaman ng mga anak ang mga bagay na bumabagabag sa kalooban ng ina. Habang umiiyak ito sa kanilang silid pinuntahan siya ng kanyang mga anak inaliw siya at dinamayan ng mga ito at sinabing naniniwala silang hindi nito magagawa ang mga ibinibintang na kasalanan dito. Anong paraan ang ginawa ng mga anak upang mapasalamat ang kanilang ina?
- A. Binigyan ng papuri ng mga anak ang kanilang ina.
 - B. Inaway ng mga ito ang kanilang ina sa ginawang kasalanan nito.
 - C. Pagpapabaya ng mga ito sa problemang kinakaharap ng kanilang ina.
 - D. Pagsabi na nariyan ka palagi na handang makinig kung sakaling sila ay may pinagdadaan.
5. Angkop ba ang kilos na ipinakita ng mga anak sa kanilang ina kung pagbabatayan ang pananaw o perspektibo ng katarungan?
- A. Hindi, dahil panlalamang ito sa kapwa.
 - B. Hindi, dahil masama ang pinaggagawa nito.
 - C. Oo, dahil wala naman itong ginawang kasalanan at napagbintangan lamang ito.
 - D. Oo dahil ito ang nagpalaki sa kanila dapat ay kinukunsinte na lamang nila ang mga ginagawa nito.
6. Simula't sapul walang nakalalamang sa angking kakayahan ni Jessa. Nabago lamang ito nang dumating ang kanilang bagong kaklase na si Sara. Mabait, matalino at palakibigan ito. Taliwas sa mga kaugaliang ipinapakita ni Jessa. Kaya madali nitong nakapalagayang loob ang buong klase. Malaki ang inggit dito ni Jessa. Nasanay kasi itong nasa kanya palagi ang atensyon ng kanyang mga kaklase. Sa kagustuhang malamangan niya ito nakipagkaibigan siya rito. Tinuring ni Sara si Jessa na isang matalik na kaibigan. Anuman ang pangangailangan nito ay tinutugunan niya sa abot ng kanyang makakaya. Hindi alam ni Sara na nagbabalat-kayo lamang ito. Sinisiraan na pala siya nito sa kanilang mga kaklase. Napag-alaman lamang niya ito nang minsang pagsabihan siya ng mga kaklase. Kalaunan, binalewala niya na lamang ito dahil ayaw niyang magkaroon ng hidwaan sa pagitan nilang dalawa. Naipakita ba ni Jessa ang pasasalamat sa lahat ng nagawa ni Sara para sa kanya?
- A. Oo, dahil kinaibigan niya ito.
 - B. Hindi, dahil wala siyang pakialam dito.
 - C. Hindi, dahil nanaig ang inggit sa kanyang kalooban.
 - D. Oo, dahil may utang na loob siya rito at dapat na tulungan niya rin ito.

7. Anong katangian ang nagpapakita ng kawalan ng pasasalamat ni Jessa?
- mabait
 - matapang
 - mayabang
 - sakim
8. Batay sa situwasyon, tama ba ang ipinakitang pakikitungo ni Jessa sa kanyang kaibigan?
- Hindi, dahil isang mabait na bata si Jessa.
 - Oo, dahil isang hamak na transferee lamang si Sara.
 - Oo, dahil nararapat lang na walang makalamang sa kanya.
 - Hindi, dahil mabuti ang intensyon ng pakikipagkaibigan ni Sara kay Jessa.
9. Paano masasabing nagpasasalamat ang taong nakatanggap ng tulong sa kanyang kapwa?
- pagpapakita ng inggit
 - pagpapalagay sa sarili bilang biktima
 - pagpapakita ng Entitlement Mentality
 - pagsabi na nariyan ka palagi na handang makinig kung sakaling sila ay may pinagdadaanan
10. Alin sa mga sumusunod na situwasyon ang nagpapakita ng kawalan ng pasasalamat ng isang tao?
- pagtulong sa mga gawain sa bahay
 - pagpapakita ng pagpapahalaga sa kapwa
 - pagpasalamat nang hindi bukal sa puso
 - paggawa ng kabutihan sa ibang tao bilang pagbabalik ng kabutihang ginawa sa iyo
11. Abala ang mga magulang ni Jessy sa kanilang trabaho. Palagi na lang itong pagod kapag umuuwi ng bahay. Siya na ang gumagawa ng mga gawaing bahay para mabawasan ang mga isipin ng mga ito at maaga itong makapagpahinga dahil alam niyang hindi madali ang maghanapbuhay. Paano naiparamdam ni Jessy ang pasasalamat nito sa kanyang magulang?
- pagtulog nang maaga
 - pagtulong sa mga gawaing bahay
 - pag-iwas sa mga gawaing bahay
 - pagbababad nito sa panonood ng iba't ibang pelikula
12. Anong ugali mayroon si Jessy?
- maalalahanin
 - matapat
 - masipag
 - matapang

13. Lumaki sa mahirap na pamilya si Diego. Sa murang edad, nangarap siya na sa kanyang paglaki ay tutulungan niya ang kanyang pamilya upang maiahon ito sa hirap ng buhay na pinagdaraanang nila. Isang pangyayari ang nagtulak kay Diego na makipagsapalaran at maghanap ng trabaho sa Maynila nang minsang magkasakit ang kanyang ama. Pinalad siyang makapasok bilang isang construction worker. Dahil sa matibay na paniniwala nito sa Poong Maykapal, hindi siya sumuko sa mga pagsubok na kanyang nararanasan. Nagsikap ito sa kanyang trabaho hanggang sa kalaunan ay umangat ang posisyon nito. Kinuha itong kanang kamay ng kanilang boss. Napagamot niya ang kanyang ama at umasenso ang kanilang buhay. Upang makapagpasalamat sa Panginoon sa lahat ng biyayang natanggap niya tinulungan din niya ang mga taong kanyang nakasasalamuha na nangangailangan ng tulong. Paano naipakikita ni Diego ang kanyang pasasalamat sa Panginoon?
- A. paglilingkod sa kapwa
 - B. pagkaawa sa kanyang ama
 - C. pagiging tapat sa kanyang trabaho
 - D. pagkatutong tumulong sa kanyang sarili
14. Anong katangian ang ipinakita ni Diego para pagpalain siya ng Panginoon sa kabila ng napakaraming pagsubok na kanyang nararanasan?
- A. masipag
 - B. matalino
 - C. matatag
 - D. matulungin
15. Tama ba ang paraan ng pagpasasalamat ni Diego sa Panginoon?
- A. Oo, dahil nakapagbahagi siya ng tulong sa kanyang kapwa.
 - B. Oo, dahil matalino siyang tao.
 - C. Hindi, dahil hindi niya natulungan ang mga kasamahan niya sa trabaho.
 - D. Hindi, dahil naimpluwensiyahan lamang siya ng kanyang mga kasamahan sa trabaho.




Karagdagang Gawain

Gawain 7: Paggawa ng Poster

Panuto: Gumawa ng isang poster na nagpapakita ng pasasalamat. Gumamit ng *long bond paper*.

Rubrik sa Pagmamarka

Pamantayan	5	3	1
Pagkamalikhain	Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain sa paghahanda	Hindi gaanong naging malikhain sa paghahanda	Walang ipinamalas na pagkamalikhain sa paghahanda
Kaangkupan ng paksa	Angkop na angkop ang mga larawan sa paksa.	Hindi gaanong angkop ang mga larawan sa paksa.	Hindi angkop ang mga larawan sa paksa.
Organisasyon	Buo ang kaisipan, konsistent, kumpleto ang detalye at napakalinaw.	Konsistent, may kaisahan, kulang sa detalye at hindi gaanong malinaw ang intensyon.	Hindi ganap ang pagkakabuo, kulang ang detalye at di malinaw ang intensyon.
Kabuoang iskor = 15 puntos			



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>1. D 2. C 3. C 4. A 5. D 6. D 7. D 8. D 9. C 10. C 11. D 12. D 13. A 14. C 15. A</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. D 2. D 3. D 4. D 5. C 6. C 7. D 8. D 9. D 10. C 11. B 12. A 13. A 14. C 15. A</p>	<p>Isagawa</p> <p>Gawain 7 Magiging sapat ang anumanang bagay kung marunong magpasalamat</p>
---	---	---

Sanggunian

Aklat

Bognot, Regina, et.al. (2014). *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral*. Pasig City, Philippines.

Hanguang Elektroniko

Gratitude. https://gretergood.berkeley.edu/quizzes/take_quiz/gratitude

Deschene, Lori. *50 ways to show gratitude for the people in your life*. <https://tinybuddha.com/blog/50-ways-to-show-gratitude-for-the-people-in-your-life/>

Giving thanks can make you happier.

<https://www.health.harvard.edu/healthbeat/giving-thanks-can-make-you-happier>

9 Signs of Ungrateful People (How to deal with them), <http://www.aconsciousrethink.com/11570/ungrateful-people/>

Vahanian, Ara. (2020, March 27). *The Differences Between a Grateful Person and an Ungrateful Person*. <https://hubpages.com/health/The-Differences-Between-A-Grateful-Person-And-An-Ungrateful-Person>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph